


EPP-AFA

Modyul 4: Wastong Pamamaraan sa Paghahanda ng Taniman ng Halamang Ornamental



**EPP-AFA Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Modyul 4: Wastong Pamamaraan sa Paghahanda ng Taniman ng Halamang
Ornamental
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Loralyn D. Casulla
Editor: Jelly M. Flores
Tagasuri: Filip P. Canas
Tagaguhit: Jason C. Borabo
Tagalapat: Jeffrey B. Sape
Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas,
Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Lita T. Mijares,
Salvador T. Pelingon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Site, Rawis Legaspi City, 4500
Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373
E-mail Address: deped.rov@deped.gov.ph

EPP-AFA

Modyul 4:

Wastong Pamamaraan sa Paghahanda ng Taniman ng Halamang Ornamental

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na layunin;

1. Naipapakita ang wastong pamamaraan ng pagpapatubo ng halamang ornamental tulad ng;
 - a. Pagpili ng itatanim
 - b. Paggawa/paghahanda ng taniman
 - c. Paghahanda ng mga itatanim o patutubuin at itatanim
 - d. Pagtanim ayon sa wastong pamamaraan



Subukin

Bilugan ang titik ng tamang sagot. Gawin ito saiyong kwaderno.

1. Ano ang tawag sa paghahanda ng isang lugar sa pamamagitan ng pagtanim ng mga halamang ornamental?
 - a. Vegetable gardening
 - b. Landscape gardening
 - c. Floral arrangement
 - d. Urban gardening

2. Nais mong magtanim ng halamang ornamental sa ayos na welcome, saan mo ito dapat isagawa?
 - a. Harapan ng bahay
 - b. Likod ng bahay
 - c. Kanang gilid ng bahay
 - d. Kaliwang gilid ng bahay

3. Bakit kailangan ang masusing paghahanda sa itatanim?
 - a. Upang mapabilis ang paglaki ng mga halaman
 - b. Upang maisakatuparan ang proyekto nang wasto
 - c. Upang maibenta kaagad ang mga produkto
 - d. Upang mapadali ang pagsugpo ng mga sakit.

4. Anu-ano ang mga dapat pagsama-samahin sa pagsasaayos ng halamang ornamental?
 - a. Magkasingkulay na halaman
 - b. Magkaka-uring halaman
 - c. Magkasinglaking halaman
 - d. Lahat ng nabanggit

5. Alin ang mga halamang lumalaki at yumayabong?
 - a. Kalachuchi
 - b. Ilang-ilang
 - c. Balete
 - d. Lahat ng nabanggit

Lesson**4****Agriculture and Fishery
Arts: Wastong
Pamamaraan sa
Paghahanda ng Taniman
ng Halamang Ornamental*****Balikan***

Maraming bagay ang maaaring gawin upang maging maayos ang inyong bakuran. Sa pamamagitan ng simpleng landscape gardening magkakaroon ka ng ideya na gawan ng pagbabago ang pagkakaayos ng bakuran ninyo.

Sa pagbabago ng espasyo, naiisip mong maraming bagay ang maaaring gawin. Isulat mo sa iyong talaan ang mga kakailanganing bagay gaya ng lupang taniman, kasangkapan, kagamitan, at mga halamang ornamental na nababagay sa inyong bakuran.

Balikan Natin!

Itugma ang mga halamang ornamental na naaayon sa mga salita sa hanay A at B. Isulat ang titik sa patlang. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

A

- _____ 1. Pine Tree
- _____ 2. Orchids
- _____ 3. Rosas
- _____ 4. San Francisco
- _____ 5. Water lily

B


- a. mahirap buhayin
- b. di-namumulaklak
- c. halamang puno
- d. nabubuhay sa tubig
- e. namumulaklak
- f. gumagapang




Tuklasin

Pag-aralan at awitin ang awit sa himig ng paru-parong bukid.
Sagutin ang mga tanong sa ibaba:

Alagaan natin ang mga halaman
Ito ay katulong sa 'ting kalusugan.
Diligin ng tubig lagyan ng organikong pataba
Sinsinin ang lupa matapos bungkalin.



Ang mga halaman ay magandang tingnan
Lalo na pag ating inaalagaan.
Damo ay alisin sa paligid nito
Nang ang ating tanim tumubo't lumusog.



1. Ano ang ipinahihiwatig ng awit?
2. Ano ang mga dapat gawin sa ating halaman upang maging malusog at magandang pagmasdan?
3. Ano ang kahalagahan ng mga halaman sa ating bakuran?

Kung ang inyong bakuran ay matagal nang may tanim ng mga halaman at puno, maaari mo ba itong baguhin? Paano?

Mas magiging maayos at maganda ang inyong bakuran kung may kaalaman ang gagawa ng simpleng landscape gardening. Alamin muna ang anyo ng lupang taniman, kung sakaling hindi maganda ang dating mga tanim maaaring dagdagan ng lupang mataba o anumang organikong bagay na maaaring ihalo. Hindi

lalago nang maayos ang mga halaman kapag tuyo, matigas, at bitak-bitak ang lupa. Ganito rin ang mangyayari kapag malagkit at basa ang lupa.

Matapos makita ang lugar na pagtataniman, pag-aralan muna kung anong uri ng lupang taniman ito. Kapag ang lupa ay tuyo, matigas at bitak-bitak, nararapat na haluan ito ng mga organikong bagay gaya ng mga binulok (decomposed) na mga halaman tulad ng dayami, tinabas na damo, mga tuyong dahon at mga dumi ng hayop upang mabuhaghag ang lupang tataniman. Kapag malagkit at sobrang basa haluan din ito ng compost upang lumuwang ang lupa. Kapag naayos na ang lupang tataniman, pwede na itong bungkalin gamit ang asarol at piko. Tanggaling ang mga bato, matitigas na ugat at mga di- kailangang bagay ng halaman sa lupang tataniman habang nagbubungkal. Kapag nabungkal na ang lupang tataniman, lagyan ito ng organikong pataba gaya ng kompos o humus at patagin ito gamit ang kalaykay (rake). Pagkatapos mabungkal at mapatag ang lupang taniman, maaari na itong taniman ng mga halaman o punong ornamental.

Narito ang mga gabay sa pagsasaayos ng mga halamang ornamental.

- a. Ang mga halamang ornamental na lumalaki at yumayabong ay di dapat itanim sa harapan o unahan ng mga halamang maliit kung tumubo.
- b. Ang mga may kulay na halaman ay pinaplano kung paano at saan sila magandang patubuin.
- c. Ang laki at lapad ng mga dahon ay inuuri sa kung saan ito ilalagay ayon sa plano ng landscaping.
- d. Ang namumulaklak ng mga halaman ay kailangan ilagay sa naaarawan at masayang tanawin. Makatutulong ang pagsama-sama base sa uri at kulay kung kinakailangan.
- e. Ang mga halamang magiging malalaking puno ay dapat ilagay sa hindi makakasagabal sa darating na panahon.

Kung nais mong maging kaakit-akit ang lugar ng inyong taniman, ang magandang disenyo ng lupa ay nakaangat nang

bahagya at may mga ibat-ibang hugis ng bato sa mga gilid ng lugar na tataniman. Kung ang lugar na pagtataniman ng mga halamang ornamental ay malawak, lagyan ito ng mga accessories gaya ng pergola, maliit na fish pond, garden set at grotto. Kung ito man ay di-gaanong malawak, simpleng kaayusan lamang ang bagay na ilagay gaya ng mga palamuting banga o porselanang sisidlan.



<https://www.countryliving.com/gardening/garden-ideas/g3133/landscaping-tips/>



Suriin

A. Ayusin ang pagkasunod-sunod ng mga hakbang sa pagtatanim ng halamang ornamental. Lagyan ng kaukulang bilang (1-5) ang bawat patlang.


- _____ a. Bungkalin ang lupang taniman.
- _____ b. Basaing mabuti ang lupang binubungkal.
- _____ c. Ihanda ang mga gagamiting kasangkapan at pananim.
- _____ d. Bungkalin ang kimpal na lupa gamit ang asarol upang

mabuhaghag ito.

_____e. Gumawa ng layout sa nais na kalalabasan ng pagtatanim.

B. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang dapat mong gawin kapag ang lugar na pagtataniman ay tuyo, matigas, at bitak-bitak ang lupa?
2. Ano naman ang dapat gawin kapag malagkit at sobrang basa ang lupang pagtataniman?



Pagyamanin



Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ang nakasaad ay napakahalagang isaalang-alang sa pagsasagawa ng pataniman ng mga halamang ornamental at malungkot na mukha ☹️ kung hindi.



- _____ 1. Mga halamang ornamental.
- _____ 2. Lugar na pagtataniman.
- _____ 3. Mga kasangkapang gagamitin.
- _____ 4. Mga basura tulad ng plastic at iba pa.
- _____ 5. Taas at laki ng mga punong ornamental.



Isaisip

Sa paghahanda ng taniman para sa mga halamang ornamental maganda ang disenyo kapag nakaangat sa lupa at may iba't-ibang hugis ng bato sa mga gilid ng lugar na tataniman. Sa mga malawak na lugar maaaring maglagay ng pergola, fishpond, garden set, at grotto at di- gaanong malalawak ay simpleng kaayusan lamang ang nararapat.

Lagyan ng tsek (✓)ang hanay  kung sang-ayon ka sa sinasaad ng pangungusap at ang hanay  kung hindi ka sang-ayon dito. Gawin sainyong kuwaderno.

		
1. Ang halaman ay mabilis na lumalaki kapag mataba ang lupang pinagtaniman.		
2. Magiging mataba ang lupa kung ito ay laging binubungkal at nilalagyan ng mga humus.		
3. Ang kalachuchi ay hindi lumalaki .		
4. Dapat pagsama-samahin ang magkasingkulay na halaman.		
5. Ang balete ay halamang nabubuhay sa tubig.		



Isagawa

Magsagawa ng paghahanda ng lupa kung saan magtatanim ng mga halamang ornamental sa inyong tahanan. Narito ang pamantayan. (Lagyan ng tsek ang hanay ng iyong sagot.)

Pamantayan	Oo	Hindi	di-gaano
1. Gumagamit ba ng kasangkapan sa paghahanda ng taniman?			
2. Naisagawa ba nang maayos ang paghahanda?			
3. Napanatili ba ang kalinisan ng kapaligiran at ng sarili?			

Oo – 5 pts

Hindi – 2 pts

Di-gaano – 3 pts

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na naaayon sa iyong sagot

Tanong	Pwede	Di-pwede
1. Kailangan bang gumamit ng angkop na kasangkapan sa paghahanda ng taniman?		

2. Sa paghahalaman, ang lupang taniman ba ay karaniwang nakaangat?		
3. Sa pagtatanim, kinakailangan bang maraming damo ang nakapaligid sa tanim?		
4. Sa pagtatanim, kinakailangan bang tuyong at bitak-bitak ang lupa?		
5. Ang kompost ba o humus ay galing sa complete fertilizer?		



Tayahin

A. Sagutin ang mga sumusunod sa pamamagitan ng paglalagay ng **T** kung tama ang isinasaad ng pangungusap at **M** kung mali ang isinasaad nito.

- _____ 1. Kailangan ang paghahanda ng lupang pagtataniman ng halamang ornamental upang mapadali ang pagtubo nito.
- _____ 2. Sa pagtatanim ng halamang ornamental ay maaaring magsimula sa dahon at bunga.
- _____ 3. Kailangan ang masusing pag-iingat sa mga kagamitan na gagamitin sa pagbubungkal ng lupang taniman.
- _____ 4. Kinakailangan haluan ng organikong bagay tulad ng mga nabubulok na dumi ng hayop o dayami ang lupang tataniman.
- _____ 5. Ang kompost o humus ay hindi nakatutulong sa pagpapataba ng lupang taniman.

B. Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Bakit mahalaga ang masusing paghahanda ng taniman?
2. Ano ang kailangang gawin kapag ang lupa ay hindi mataba, tuyo, at bitak-bitak?



Karagdagang Gawain

Gumawa ng plant box o kamang taniman ng ibat-ibang halamang tanim.

Pamantayan	Puntos		
	5	3	2
Naihanda nang maayos at wasto ang plant box o kamang taniman.			
Gumamit ng angkop na kagamitan sa paggawa ng plant box o kamang taniman.			
Nakasunod sa mga pangkalusugan at pangkaligtasang gawi sa paggawa.			

Binabati kita at matagumpay mong nasagutan ang lahat ng gawain sa araling ito.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. T
2. T
3. T
4. T
5. M

Mga posibleng sagot.






1. Para maging maayos at lumaki ang mga tanim na mataba at mayabong.
2. Lagyan ng organikong pataba

Switin

A. 3
a. 3
b. 5
c. 2
d. 4
e. 1

B. 1. Kapag ang lugar ng pagtataniman ay matigas at bitak-bitak ang lupa ay dapat bungkalin at lagyan ng organikong pataba.
C. Dagagan ng anumang organikong bagay gaya ng mga binulok (decomposed) na halaman.

Pagyamanin

1.  1.
2.  2.
3.  3.
4.  4.
5.  5.

Tuklasin

1. (depende sa sagot ng bata)
2. Ang kailangang gawin kapag madamo angh lupa at hindi mataba ay bungkalin ito at lagyan ng organikong pataba.

Subukin

1. B
2. A
3. B
4. D
5. D

Balikan

1. C
2. E
3. F
4. B
5. D

Sanggunian

Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera.
2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4. Pasig City:
Vibal Group, Inc.

<https://www.countryliving.com/gardening/garden-ideas/g3133/landscaping-tips/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph